**Mula *ST* Hanggang *Histori*:**

# Ang Diskurso ng Kinabukasan sa mga Nagwaging Future Fiction (Filipino at Ingles) sa Palanca Mula 2000-2005[1]

Alwin C. Aguirre

Noong taong 2000 ay binuksan ang bagong kategorya sa Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature—ang *future fiction*. Ang katangi-tangi sa kategoryang ito, kaiba kaysa iba pang kategorya na ang ibinibigay lamang ay ang kahingian sa format, ay ang tiyak na tema na hinihingi sa mga kuwentong ilalahok – ang Filipinas sa hinaharap. Hindi man binigyang-diin ang motibasyon sa pagdagdag ng naturang genre bilang isang bagong kategorya sa patimpalak, interesante ang *timing* ng paglulunsad nito. Sa pagdating ng isang bagong milenyo, hindi maaaring malimutan ang global na agam-agam na dulot ng isang figuratibong bagong lahi ng insekto na ang konstruksiyon ay may bahid ng teknolohikal na paghubog. Sino ba ang makakalimot sa kagat ng *Y2K bug* na inakalang magpapatumba sa modernong sistema ng pag-iral ng halos lahat ng aspekto ng makabagong buhay lalo para sa mga industriyalisadong bansa? Marahil, habang nangangatog ang lahat sa nagbabadyang "dilim" na hudyat ng katapusan ng lubos na pag-asa sa maunlad teknolohiya, ang mga bansa namang "lo-tek" ay mas nananabik (na may halong kaba) sa kung ano kaya talaga ang mangyayari sa mundo na para bang nag-aabang lang sa paglalantad ng rurok sa banghay ng isang scifi film.

Isang mahalagang diskurso ang inihain ng pangyayaring ito sa atin. At ang mas itinatampok ng pagpapalit-panahong ito ay ang distribusyon ng kaunlaran at ang politika ng teknolohiyang humuhubog sa relasyon at interaksiyon ng mga bansang nagnanais makasabay sa isang global na pag-usad. Sa isang banda, maaaninag ang kinahantungan ng proyektong modernista sa pamamagitan ng antas ng teknolohiyang napaunlad at kinakasangkapan sa lubos na pag-aangat ng mga bansang may pagkakataong gumamit nito. Sa kabilang banda, mas nailatag rin ang tunay na paghahati sa pagitan ng mga mayroon sa wala. Isang karima-rimarim na senaryo ang maaari sanang namalas ng mundo kung natupad ang takot na may kinalaman sa pagpalya ng teknolohikal na pag-iral ng mauunlad na bansa sa pagdating ng bagong milenyo. Ngunit kakatwa rin na sa pagkakataong nabanggit, malaki pa ang bahagi ng mundo na hindi dama ang sarili nila bilang bahagi ng pag-unlad at pag-iral na dulot ng, bukod sa iba pa, teknolohiya.